
4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 16

## Lahat Ba?




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 16: Lahat ba? (Panghalip na Panaklaw)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rodrigo G. Embestro

**Editor:** Jerickson D. Getizo

**Tagasuri:** Laila C. Namoro, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Kim Arthur B. Cargullo, Anthony C. Vista,
Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 16
## Lahat Ba?

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Panghalip na Panaklaw.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Panghalip na Panaklaw

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*


Isang mapagpala at magandang araw sa iyo.

Kumusta? Mahilig ka bang makinig ng radyo o maging sa mga balita na iyong napapanood sa TV?

Kung ganun, marahil ay napakinggan mo na ang mga salitang-ilanman, gaano man, sinuman at anuman.

Kailan ito ginagamit?

Sa modyul na ito, ay lalo mong mapalalawak ang iyong kaalaman tungkol sa panghalip panaklaw. Matututuhan mong gamitin ang panghalip na ito sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.



## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

Ano na ang alam mo tungkol sa uri ng panghalip? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

**Panuto:** Piliin mo ang angkop na panghalip panaklaw upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. ___________dako sa mundo ay nararanasan ang pandemyang COVID-19.

   A. Sinuman C. Anuman

   B. Saanmang D. Isa

2. __________ay pinag-iingat sa banta ng paparating na bagyo.

   A. Bawat-isa C. Anuman

   B. Saanmang D. Isa

3. Ang____________ay pumalakpak matapos silang magpamalas ng galing sa sabayang pagbigkas.

   A. bawat-isa C. anuman

   B. madla D. isa

4. ____________ay maaaring lumahok sa patimpalak sa pagsayaw sa darating na pista.

   A. Bawat-isa C. Anuman

   B. Sinuman D. Madla

5. ____________pumunta ang mga manggagawang Pilipino ay laging kinagigiliwan sa kanilang angking galing sa paggawa.

   A. Madla C. Anuman

   B. Saanman D. Lahat

6. ____________kalayo ang iyong bahay ay pupunta ako para dalawin ka.

A. Gaano man
B. Saanmang
C. Anuman
D. Ilanman

7.____________ ang halagang nakuha sa iyo ng aking pinsan ay babayaran ko.

A. Gaanuman
B. Saanmang
C. Magkano man
D. Ilanman

8. ___________ang binili ninyong damit ay walang ibibigay na diskuwento.

A. Lahat
B. Saanmang
C. Magkanuman
D. Ilanman

9. ___________matatalino at magagaling umawit ang mga anak nina Dr. at Gng. Santos

A. Gaanuman
B. Lahat
C. Madla
D. Bawat-isa

10. Nasiyahan ang______________sa ginawang pagtatanghal ng Malikhaing Guro Dance Troupe.

A. sinuman
B. isa
C. madla
D. bawat-isa

**Kumusta?** Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 16**.

**Magaling!** Maaari ka nang magpatuloy.



**Aralin**


# Panghalip na Panaklaw

Paggamit ng iba't ibang uri ng panghalip (panaklaw) - tiyakan Isahan/Kalahatan - di-tiyakan sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.

## *Balikan*

*Magbalik-aral ka.*

*Basahin mo ang usapan ng magkakaibigang Kim, Jemerson, Rod at Keith. Pansinin ang mga panghalip na ginamit sa usapan.*



*Mga Tanong:*

1. Sino–sino ang magkakaibigan?
2. Ano ang kanilang pinag-uusapan?
3. Ikaw, ano ang iyong magagawa upang makatulong sa biktima ng pagputok ng Bulkang Taal?
4. Ano ang mga panghalip na ginamit sa usapan? Anong uri ng panghalip ang mga ito?

***Mga Tala para sa Guro***

1. Bigyan ng mga pagsasanay sa panghalip ang mga mag-aaral na tuon sa pagkilala ng panghalip panaklaw.
2. Maaaring gamitin ang mga panghalip panaklaw sa isang paligsahan sa pagbaybay.
3. Bigyang katuturan/kahulugan ang bawat salitang ginagamit ayon sa saklaw nito.

## ***Tuklasin***

Pansinin ang mga salitang may salungguhit na ginamit sa usapan.

| | |
|---|---|
| Noel: | Wow, ang galing-galing niyang umawit. Tuwang-tuwa ang madla sa kaniyang pagtatanghal. |
| Jane: | Sinuman sa kanila ang manalo ay talagang karapat –dapat dahil sa kaniyang angking galing. |

Joseph: Saanmang lugar siya galing ay suportadong-suportado ng lahat dahil wala siyang itulak-kabigin sa pagkanta.

Peter: Magkanuman ang premyo ay panalo na rin siya dahil sisikat na sila.

Noel: Basta ang alam ko. Isa lang ang tatanghaling panalo at iyon ay si Marites. Napakagaling kaya ng kaniyang pag-awit.

Jane: Anuman ang maging resulta, sa kanya pa rin ang suporta ko.

Tanong: Ano-ano ang mga salitang may salungguhit sa usapan?

*Alam mo ba ang mga panghalip panaklaw na ginamit sa usapan? Kung gayon, sagutin mo ang sunod na gawain.*



*Ang salitang may salungguhit sa usapan ay tinatawag na panghalip panaklaw. Ito ay ang sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| madla | sinuman | saanman |
| magkanuman | isa | anuman |

## *Suriin*

*Gamitin natin ang mga panghalip panaklaw.*

**Panuto:** Piliin ang angkop na panghalip panaklaw sa loob ng panaklong upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang __________(isa, madla, sinuman) ay pumalakpak matapos siyang umawit.
2. _____________(Sinuman, Anuman, Saanman) ay maaaring lumahok sa patimpalak sa balagtasan.
3. _____________(Sinuman, Saanman, Kailanman) pumunta ang mga Pilipino ay nagpapamalas ng galing.
4. ____________(Ilan, Madla, Lahat) sa mga iyan ang dati nang kasama noong isang taon.
5. ____________(Kailanman, Gaanuman, Sinuman) kalayo ang iyong bahay ay mararating din natin.

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang panghalip panaklaw na ginamit sa bawat pangungusap.


1. Lahat ay sama-sama sa pagtupad ng pangarap.

2. Kukunin ko siya anuman ang mangyari.

3. Bawat-isa ay bumati sa kaniyang pagwawagi sa timpalak sa pag-awit.

4. Ang tanan ay nagpaparaya sa kaniya.

5. Kailanman ay hindi ako susuko sa aking pangarap.



***Lagi mong tandaan...***

Ang <u>panghalip panaklaw</u> ay nagsasaad ng *kaisahan*, *dami* o *kalahatan* ng ngalang tinutukoy.

| Halimbawa: | | | |
|---|---|---|---|
| gaano man | iba | lahat | saanman |
| alinman | tanan | magkano man | pawa |
| kuwan | isa | balana | anuman |
| kailanman | paano man | | |

Ang **<u>panghalip panaklaw</u>** ay tumutukoy sa mga pangngalang walang katiyakan o hindi tiyak.

Ang **<u>panghalip panaklaw</u>** ay isang uri ng panghalip na may sinasaklaw na kaisihan sa bilang, dami o kalahatan

Ito ay maaaring *tiyak o di-tiyak*

1. Nagsasaad ng kaisahan
   *isa* *balang*
   *bawat* *bawat isa*

2. Nagsasaad ng dami o kalahatan.
   *panay* *ilan*
   *kaunti* *marami*
   *pawa/pawing*
   *tanan* *iba*
   *madla* *pulos*



Ang mga di-tiyak ay ang mga panghalip na pananong na kinakabitan ng man na nangangahulugan ng di-tiyak na pinag-uusapan gaya ng:

| | |
|---|---|
| Sino man o Sinuman | ano o anuman |
| Saanman | nino man o ninuman |
| Kailanman | magkano man |
| Kanino man o kaninuman | |

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

**Panuto:** Punan ng angkop na panghalip na panaklaw ang patlang upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Piliin ang mga ito sa loob ng kahon at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ___________ang halaga ng lupang iyan ay pag-iipunan ko.
2. ___________ang binili ninyong sapatos ay walang ibibigay na diskuwento.
2. ____________magagaling ang mga kalahok sa paligsahan sa pagtula.
3. __________sa mga kalahok ay maaaring makuha ang unang gantimpala.
5. ____________sa mga kalahok sa pagtula ay kasama rin sa pagsayaw.

**Panuto:** Piliin ang angkop na panghalip panaklaw sa loob ng panaklong upang mabuo ang usapan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**<u>Sa Bukid</u>**


Maagang pumunta sa bukid ang magkapatid na Jerome at Jessa para mamitas ng mga bungang kahoy at halamang tanim ni Mang Tomas.

| | |
|---|---|
| Jerome: | 1.________(lahat, isa, bawat-isa) ba ng mga bunga ay pipitasin natin Jessa? |
| Jessa: | Ang mga hinog na kamatis at sili ang unahin natin. Tiyak kong 2._________(marami, kaunti, lahat) ang mapipitas natin. |
| Jerome: | Sige, sisimulan ko nang mamitas. Pakatapos dito anong isusunod natin? |
| Jessa: | Talong ang isusunod natin. 3. ___________________________(Kaunti, Isa, Madla) lang sa tingin ko ang malalaking bunga doon. Aba! 4.______(pulos, kaunti, madla) malalaki ang bunga ng talong. |
| Jerome: | Saan ko ilalagay ang mga talong? 5. _ ________________________________________ (Lahat, Anoman, Bawat-isa) ay ilagay mo sa basket. |
| Jessa: | 6._________(Ilan, Alinman, bawat) bang basket ang dala mo? |
| Jerome: | Dalawa lang. Kasya lahat ang napitas nating mga gulay. |

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang mga pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**



## *Isaisip*



Isiping mabuti at punan ang patlang ng natutuhan mo sa aralin.

Ang Panghalip na________ay nagsasaad ng kaisahan, dami o kalahatan ng ngalang tinutukoy. Mahalagang matutuhan ang wastong gamit nito upang



## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng panghalip panaklaw. Isagawa ang mga gawain sa ibaba.

**Panuto:** Piliin ang panghalip na panaklaw na nasa loob ng kahon na bubuo sa mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nag-aalala ang__________sa mga pagmimina sa bansa.
2. Ang__________ay natatakot sa masamang epekto ng

pagputok ng bulkang Taal.

3. _________ako naroon hindi kita pababayaan.

4. Ang mga panauhin ay__________kilala sa lipunan.

5. Maging_________ang manalo, matutuwa ako.



| | | |
|---|---|---|
| Tanan | Sinuman | Madla |
| Balana | pawang | Bawat-isa |
| Saanman | Lahat | Marami |



Madali mo lamang bang naisagawa ang pagsasanay?

_____Oo _____Hindi

Tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**

## Tayahin

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng panghalip panaklaw?*

A. **Panuto:** Punan ng angkop na panghalip panaklaw ang patlang upang mabuo ang usapan sa ibaba. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Ang Pagpupulong

Lahat ng mga tao ay nagtipon sa Barangay Hall. Ang kinatawan ng Department of Health ay magbibigay ng pangkalusugang impormasyon sa mga tao. Naunang dumating ang mag-asawang Mang Kulas at Aling Myrna.

| | |
|---|---|
| **Aling Myrna**: | Sino-sino ang mga pupunta sa pulong na ito? |
| **Mang Kulas**: | 1.__________(Sinuman, Saanman, Bawat isa) ay puwedeng makinig dahil ang impormasyon ay para sa lahat. |
| **Aling Myrna:** | Ilan pa lang ang taong nakikita ko. Hindi 2. _________(lahat, isa, pulos) nakaalam sa pagpupulong na ito. |
| **Mang Kulas:** | Ayon sa kapitan ng barangay, 2._________ (saanmang, alinmang, anumang) kanto ng barangay ay may nakapaskil na patalastas kaya lahat makababasa nito. |
| **Aling Myrna:** | Dapat buong 3._________(madla, pulos, lahat) ay dumalo para maiwasan ang pagkakasakit. |
| **Mang Caloy:** | O Kulas at Myrna, magsisimula na ang programa. Sabi ni kapitan 4. _________ (sinumang, saanmang, anumang) tanong ay puwedeng sagutin ng kinatawan ng DOH kaya makinig tayo sa mga magsasalita. |
| **Mang Kulas:** | 5.__________(Marami, Isa, Bawat isa) akong natutuhan sa mga nagsalita. Lahat ay magiging malusog at ligtas kung susundin ang mga pangkalusugang impormasyon na isiniwalat nila. |

B. **Panuto:** Piliin ang letra ng angkop na panghalip panaklaw upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ____________ay may karapatang magtanong sa pangulo.

A. Sinuman B. Kailanman C. Anuman D. Ilanman

4. ____________ ang karangalang natanggap mo kailangang magpasalamat sa sa Poong Maykapal.

A. Kailanman B.Anuman C. Sinuman D. Lahat

5. Nasiyahan ang____________sa ginawang pagtatanghal ng MAG Dancers.

A. isa B. bawat-isa C.iba D. kaunti

6. ___________ang kailangan mong pera ay sabihin mo lang.

A. Bawat B. Madla C. Pulos D. Magkano

7. _________ng Batang Pilipino ay may karapatang makapag-aral.

A. Lahat B. Sinuman C. Bawat-isa D. Kaunti

**Mahusay!** Batid kong alam mo na kung paano gamitin ang panghalip panaklaw. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.




## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng panghalip panaklaw.

Panuto: Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang sumusunod na mga panghalip na panaklaw. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Panghalip | Pangungusap |
|---|---|
| 1. alinman | |
| 2. iba | |
| 3. saanman | |
| 4. anuman | |
| 5. madla | |



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. B
2. A
3. B
4. B
5. B
6. A
7. C
8. D
9. B
10. C

**Suriin**

1. MADLA
2. SINUMAN
3. SAANMAN
4. ILAN
5. GAANO MAN

**Pagyamanin**

A.
1. MAGKANO MAN
2. ILANMAN
3. LAHAT
4. SINUMAN
5. ILAN

B.
1. LAHAT
2. MARAMI
3. KAUNTI
4. PULOS
5 LAHAT
6. ILAN

**Isagawa**

1. LAHAT
2. BAWAT ISA
3. SAANMAN
4. PAWANG
5. SINUMAN

**Tayahin**

A.
1. LAHAT
2. SINUMAN
3. ,MADLA
4. ANUMANG
5. MARAMI

B.
1. A
2. B
3. C
4. D
5. A

**Karagdagang Gawain**

## *Sanggunian*


Agarrado, Patricia Jo., et.al., *Alab Filipino 5*. Quezon City: Vibal Group Inc. 2016

Alfonso, Santiago at Tiongco, Norma G., 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*, Binagong Edisyon. Manila: Rex Bookstore.

Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.,

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Lalunio, L., at Gil, Francisca. *Hiyas sa Wika 4*. Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporation, 2010

Lalunio, L., Gil, F., & Mindo, D. *Hiyas sa Wika 6*. Quezon City: LG & M Corporation, 2000

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph